# 2023 Espesyal na Ayuda para sa pagsuporta sa pamumuhay ng low-income na pamilya nagpapalaki ng bata (Pamilya bukod sa Single Parent)

## 1． Sino ang puwedeng makatanggap ng pera

■ Sinumang naangkop sa alinman sa sumusunod na ①、②

①Taong puwedeng tumanggap ng "2022 Espesyal na Ayuda para sa pagsuporta sa pamumuhay ng low-income na pamilya nagpapalaki ng bata (Pamilya bukod sa Single Parent)"

②Taong nag-aalaga ng bata na wala pang 18 anyos sa Marso 31, 2023 (kung may kapansanan, hanggang 19 anyos) at dahil sa pagtaas ng pagkain at bilihin, biglang nagbago ang budget ng pamilya magmula Enero 2023at ang inaakalang kita ay nasa parehong antas ng 2023 resident tax per capita rate exempt na sambahayan (Taong biglang nagbago ang budget ng pamilya)

（Paalaala） Sakop ang mga batang ipinanganak mula Marso 1, 2023 hanggang Pebrero 29, 2024.

## 2． Matatanggap na Pera

**50,000 yen** bawat bata **(1 beses lamang)**

■ **Nakasulat sa likod kung papaano makatanggap ng pera. Pakitignan lamang.**

＜Para sa mga katanungan＞

■Staff ng "Ayuda sa Pagsuporta sa Pamumuhay ng mga Pamilyang Nagpapalaki ng Bata" Osaka City Children and Youth Bureau

06-6136-6222（Oras ng Tanggapan ：Lunes-Biyernes 9:00～17:30）

■Osaka International House Foundation

06-6773-6533（Oras ng tanggapan： Lunes-Biyernes 9:00～17:30）

## ３． Mga dapat gawin para makatanggap ng pera

### ■ Taong nakatanggap ng Espesyal na Ayuda para sa low-income na pamilya （Taong angkop sa ① sa harapan na pahina）

▶ Ang nakatanggap ng "2022 Espesyal na Ayuda para sa pagsuporta sa pamumuhay ng low-income na pamilya nagpapalaki ng bata (Pamilya bukod sa Single Parent)" ay hindi kailangang mag-aplay. Naideposito na ang pera noong Mayo 30, 2023.

▶ Ang taong exempted sa Resident tax at may "bagong panganak sa loob ng Marso 1, 2023 hanggang Pebrero 29, 2024 (kailangang mag-aplay ng child allowance)" papadalhan kayo ng gabay.

### ■ Para sa ibang tao (Taong angkop sa ② sa harapan na pahina)

▶ Para makatanggap ng ayuda, **kailangang mag-aplay.**

1　Panahon ng pag-aplay

**hanggang Pebrero 29, 2024 (Huwebes)　（valid ang date stamp）**

（※）・Kung hindi nakapag-aplay hanggang sa itinakdang araw o kung hindi maideposito ang ayuda hanggang Marso 29, 2024 (Biyernes) dahil sa maling impormasyon ng bank account, hindi na ibibigay ang ayuda

・Kahit mag-aplay, kung hindi makumpirma kung kwalipikadong tumanggap, maaaring hindi ibigay ang ayuda.

2　Dokumento sa Pag-aplay

I-download ang mga dokumentong kailangan mula sa homepage ng lungsod ng Osaka. Kung hindi mai-download, tawagan ang staff.

（Osaka City HP） https://www.city.osaka.lg.jp/kodomo/page/0000599121.html

3　Paano mag-aplay

Punan ng kinakailangang impormasyon ang mga dokumento sa itaas at ipadala ito sa ibaba na kalakip ang iba pang kailangang dokumento.

（※）Ipadala gamit ang koreo lamang. Hindi tatanggapin kung pinadala sa e-mail, fax o dinala sa City Hall o ward office.

＜Saan ipapadala ang Application Form＞

Staff ng Ayuda sa Pagsuporta sa Pamumuhay ng mga Pamilyang Nagpapalaki ng Bata　Osaka City Children and Youth Bureau

1303 Gyomu-kanrito 1-1-86 Noda, Fukushima-ku, Osaka-shi 553-0005

**Mag-ingat sa "Scammer" at "magnanakaw ng personal na impormasyon" mo para makuha ang "Ayuda para sa pagsuporta sa pamumuhay ng low-income na pamilya nagpapalaki ng bata"**

Kung may pumunta o tumawag sa bahay o pinagtratrabahuhan ninyo na taong kahina-hinala na nagsasabing tauhan sila ng City Hall, ward office o family department o nakatanggap kayo ng sulat, kontakin ang staff ng ayuda o pinakamalapit na ward office o pulisya (o mag-konsulta sa police hotline (#9110)).